Reproduction No. 374, s. 2021
For Dissemination and Compliance
ZENIA G. MOSTOLES, Ed,D., CESO V
Schools Division Superintendent
Schools Division of Bulacan



REGIONAL OFFICE
003732
SEP

Advisory
No. 127, s. 2021

To: All Schools Division Superintendents

For information and dissemination.

MAY B. ECLAR, PhD, CESO III
Regional Director

Ika-22 ng Setyembre 2021

**Dr. May B. Eclar**
**Regional Director**
**DepEd Region 3**

Dear Maám Eclar;

Mabuhay at magandang araw po!

Ang Pandayan Bookshop po ay naglunsad ng paligsahan para sa paggawa ng poster na may temang: ***"Kapag binenta mo boto mo binenta mo kinabukasan mo".*** Layunin po nito na mapalawig ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino para sa matalinong pagboto sa susunod na halalan. Ang pag-asang dala sa pagpili ng karapat-dapat na mga bagong pinuno ang siyang magbibigay ng bagong landas upang makamit ang minimithing pag-unlad, pag-angat at pagbabago sa ating bansa.

Ang paligsahan pong ito ay bukas para sa mga kabataang naninirahan sa Luzon na nasa edad labinlima hanggang dalawampu't lima. (15-25 yrs old). Para po sa kumpletong detalye kalakip po ng liham na ito ang mga sumusunod:

1. Poster Making Contest Mechanics
2. Gabay sa Pagpasa ng Opisyal na Obra

Kaugnay po nito, kami po bilang kinatawan ng Pandayan Bookshop, ay kumakatok at lumalapit sa inyong tanggapan upang humingi ng inyong suporta sa pamamagitan ng pagdaloy sa inyong nasasakupang mga paaralan at pagpapalahok sa inyong mga mag-aaral Ang inyo pong tanggapan ang isa sa pinakamahalagang susi sa tagumpay ng paligsahang ito.

Hangad po namin ang inyong malugod na pagtugon.

Maraming salamat po at pagpalain po kayo ng Poong Maykapal!

Lubos na gumagalang;

Amor J. Dionisio
Institutional Network Program Director
Pandayan Bookshop, Inc.
CP#09985999254

POSTER MAKING CONTEST


# Panuntunan at Gabay sa Pagpapasa ng Opisyal na Obra

Ang lahat ng mga lalahok sa poster making contest ay kinakailangang ipasa ang kanilang obra sa sumusunod na pamantayan:

1. Gamit ang camera Mobile Phone o Digital Camera.
2. Dapat hindi edited. Hindi dumaan sa anumang post process ang nasabing kuhang larawan ng inyong obra.
   - Walang filter o beauty effect
   - Hindi naka-HDR
   - Hindi naka-color grade
   - Hindi over at under expose
3. Hindi rin dapat bumaba sa 3MB file size ang kuhang larawan.
4. **Dalawang (2)** malinaw na larawan ang inyong ipapasa:
   a. Kuhang larawan ng inyong obra (Full frame)
   b. Kuhang larawan na hawak ng kahalok ang kanyang obra
5. Hindi lalagyan ng pangalan o anumang text sa mismong kuhang larawan ng inyong obra.
6. Walang kahit anong watermark mula sa mobile camera o sa kumuha ng larawan.
7. Ipapasa ang kuhang larawan kasabay ng detalye ng kalahok. Ipadadala ito sa email ng **pandayanpostermaking@gmail.com**
8. Makatatanggap ng kumpirmasyon mula sa aming email oras na matanggap namin ang inyong ipinadalang email.

2021

Tagisan ng Galing
ng Sining Biswal



Pandayan Bookshop

# POSTER MAKING CONTEST

## Mga Alituntunin sa Paligsahan:

1. Ang tema ng paligsahan sa paggawa ng poster ay, **"Kapag binenta mo boto mo, binenta mo kinabukasan mo."** Layunin nito ang pagpapalawig ng adhokasiya sa matalinong pagboto sa susunod na halalan. Ang pag-asang dala sa pagpili ng karapat-dapat na mga bagong pinuno ng ating bansa ay siyang magbibigay ng bagong landas para makamit ang minimithing pag-unlad, pag-angat at pagbabago sa ating bansa. Kasabay nito ang bagong pag-asa ng bawat Pilipino para sa makabagong Pilipinas.

2. Ang paligsahan ay bukas sa lahat ng Pilipino na may edad na labinlima hanggang dalawampu't limang taong gulang **(15-25 y/o)** mula sa buong Luzon.

Region I (Ilocos Region) *Region II (Cagayan Valley) *Region III (Central Luzon)
*Region IV (IV-A CALABARZON, IV-B MIMAROPA) *Region V (Bicol Region)
*CAR (Cordillera Administrative Region) *NCR (National Capital Region)

3. Ang pagpapatala at pagsali ng kalahok ay libre at walang bayad.

4. Sa pagpapatala at pagsali, kailangan ang mga sumusunod:

   a. **Kumpletong detalye ng kalahok - Pangalan, Edad, Tirahan, Contact Number, E-mail address at Name of School (optional)**
   b. **Malinaw na kopya ng birth certificate ng kalahok.**
   c. **Malinaw na kopya ng larawan ng kalahok.**
   d. **Malinaw na larawan ng opisyal na obra (2 larawan, focus at walang kahit anong filters).**

   i. Gamit ang camera (Mobile Phone o Digital Camera).

   ii. Dapat hindi edited. Hindi dumaan sa anumang post process ang nasabing kuhang larawan ng inyong obra.
      - Walang filter o beauty effect
      - Hindi naka-HDR
      - Hindi naka-color grade
      - Hindi over at under expose

   iii. Hindi rin dapat bumaba sa 3MB file size ang kuhang larawan.

   iv. Dalawang malinaw na larawan ang inyong ipapasa;
      a. Kuhang larawan ng inyong obra (Full frame)
      b. Kuhang larawan na hawak ng kahalok ang kanyang obra

   v. Hindi lalagyan ng pangalan o anumang text sa mismong kuhang larawan ng inyong obra.

   vi. Walang kahit anong watermark mula sa mobile camera o sa kumuha ng larawan.

   vii. Ipapasa ang kuhang larawan kasabay ng detalye ng kalahok. Ipadadala ito sa email ng **pandayanpostermaking@gmail.com**

   viii. Makatatanggap ng kumpirmasyon mula sa aming email oras na matanggap namin ang inyong ipinadalang email.

*Ang mga detalye at obra ay ipapadala sa ***pandayanpostermaking@gmail.com***
**Ang detalye ng mga kalahok ay mananatiling pribado alinsunod sa Data Privacy Act.*
***Hindi pinahihintulutan ang paglahok ng kamag-anak ng Kapwa na taga-Pandayan Bookshop.*

5. Ang opisyal na simula ng pasahan ng mga obra kasama ng kumpletong detalye ng kalahok sa pagpapatala ay magsisimula sa **ika-15 ng Setyembre** at opisyal na magtatapos sa **ika-15 ng Oktubre** nang taong kasalukuyan. Ang Pandayan Bookshop, Inc. ang magtatalaga ng numero sa bawat obra na ipapadala ng mga kalahok.

6. Ang kalahok ang maghahanda ng sariling mga gamit. Ang paglalapatan ng mga guhit ay **15" x 20" (1/4) illustration board**. Maaaring gumamit ng anumang gamit sa pagguhit at pangkulay na mayroon ang isang kalahok (any medium). Ang mga guhit at kulay ay hindi lalampas sa 10mm ang kapal.

**Karagdagang Paalala sa mga Lalahok:**

Ang kalahok na may kulang sa kailangang maipadala sa mga araw ng pagpapasa, mga pandaraya sa mga detalye at obra na mapapatunayang hindi ginawa ng kalahok ay awtomatikong diskwalipikado sa paligsahan.

7. Ang batayan sa pagpili ng magwawagi ay:

**Kaugnayan sa Tema (60%)**. Husay ng pagpapahayag at pag-uugnay sa tema na "Kapag binenta mo boto mo, binenta mo kinabukasan mo." Paano ipinakita ng kalahok sa kanyang likha ang kaugnayan nito sa tema at paano ito magbibigay inspirasyon sa sinumang makakakita nito? **"IPINAPAALALA NA WALANG ANUMANG REPRESENTASYON NG AKTUWAL NA IMAHE o LARAWAN NG SINUMANG POLITIKO ANG DAPAT NA MAKITA SA LIKHANG SINING NG KALAHOK."**

**Pagka-orihinal at Pagkamalikhain (30%)**. Ano ang pangunahing ideya ng likhang sining? Gaano ito kabago at naiba sa lahat? Paano ang paggamit at paglalapat ng materyales sa pinakamalikhaing paraan para ipakita ang orihinal na kaisipan ng lumikha?

**Kalinisan ng Likhang Sining (10%)**. Ano ang kabuuang kinalabasan ng likha?

8. Mula sa lahat ng naipasang larawan ay pipili ng unang dalawampu't limang obra (Top 25) at ito ay iaanunsyo sa social media para piliin ang nag-iisang People's Choice Award sa pamamagitan ng Facebook reactions. Matapos mai-anunsiyo, ang aktuwal na obra ng mapipiling Top 25 ay kailangang maipadala sa Pandayan Bookshop Central.

| | |
|---|---|
| Oktubre 26, 2021 | : Pag-anunsyo sa napiling Top 25. |
| Nobyembre 12, 2021 | : Pag-anunsyo sa napiling Top 10 (mula sa Top 25). |
| Nobyembre 19, 2021 | : Pag-anunsyo sa napiling Top 3 at ang People's Choice Award sa buong Luzon. |

*Ang pagkalap ng boto para sa **People's Choice Award** ay magsisimula sa ika- 26 ng Oktubre at magtatapos sa ika-10 ng Nobyembre ng taong kasalukuyan.
** Ang mga petsang nabanggit ay posibleng mabago, sa pagkakataong kakailanganin.

9. Ang magwawagi ay tatanggap ng:

**Unang Pwesto (1st) - P 30,000.00 at plake.**
**Ikalawang Pwesto (2nd) - P 20,000.00 at plake.**
**Ikatlong Pwesto (3rd) - P 10,000.00 at plake.**
**Ikaapat hanggang Ikasampung Pwesto (4th to 10th) - P2,000.00 at Katibayan ng Kahusayan.**
**Ikalabing-isa hanggang Ikadalawampu't limang Pwesto (11th to 25th) - P1,000.00 at Katibayan ng Kahusayan.**

**People's Choice Award - P5,000.00 at Katibayan ng Kahusayan.**

***Ang mga matatanggap ng mga magwawagi sa paligsahan ay sabay-sabay na ipapadala sa pagtatapos ng kabuuan ng paligsahan.**

**Agad na tatawagan ang mga kalahok na nagwagi sa paligsahan.
***Magkakaroon din ng validation sa mga detalye ng kalahok bago ang araw ng pagpili ng mga magwawagi.

10. Ang mapipiling dalawampu't limang (Top 25) obra ay magiging pag-aari ng Pandayan Bookshop. Ang larawan ng mga ito ay ipapaskil sa lahat ng sangay ng Pandayan Bookshop at sa social media accounts at website nito.

11. Ang desisyon ng mga hurado ay hindi mababago at hindi na mapapasubalian.